Opisyal na Pahayagan ng Kabataang Makabayan -
Demokratiko a Tignayan dagiti Agtutubo iti Kordilyera

# RISIRIS

*Enero 2020 Hulyo 2020*



# TUNGKOL SA PANGALAN AT PABALAT

Ang salitang 'Risiris' ay nagmula sa wikang Ilocano, na ang literal na kahulugan ay ''kontradiksyon.' Naging lapat ang pangalan ng pahayagang ito sa kasalukuyang kondisyon ng mga kabataan. Sa papatinding krisis na dulot ng mala-kolonyal at malapyudal na lipunan, araw-araw hinaharap ng mga mamamayan, lalo na ang mga kabataan, ang iba't ibang tunggalian. Nandiyan ang kawalan ng trabaho, laganap na pagkagutom, at pasismo ng estado sa kanayunan at sa kalunsuran. Nawawalan ang mga kabataan ng pag-asa na mabuhay sa ganitong klase ng sistema, at pilit na inaapuhap ang isang lipunang malaya--ang sosyalismo. Kailangan maintindihan ng mga kabataan namakakamit lamang ng mga kabataan ang sosyalistang lipunan kung siya mismo ay gaganap sa produksyon at magsisilbi sa mamamayan sa pamamagitan ng paglulunsad ng demokratikong rebolusyong bayan. Ang pagdedesisyon na harapin ang simpleng pamumuhay at puspusang pakikibaka ay isang mas mataas na kontradiksyon na dapat hinaharap at sagutin ng mga kabataan. Katulad ng dibuho sa pabalat, mahaba pa ang ating lalakbayin. At sa tuwing dumarami at tumatagal ang ating pakikibaka, lumalabas ang iba't ibang kontradiksyon hindi lang sa ating lipunan, kundi maging sa ating sarili. Kailangang ,agpursigi ang mga kabataan at igpawan ang mga kahinaan. Paandarin ang makina tungo sa pambansang demokrasya.

Ang dibuho ay isinumite ng isang alyas "KOY", isang kasama mula sa Kabataang Makabayan-Demokratiko a Tignayan dagiti Agtutubo iti Kordilyera (KM-DATAKO) sa Mountain Province. Ang tomong ito ay sumasaklaw sa mga buwan ng Enero hanggang Hulyo. Ang susunod namang tomo ay sasaklaw sa mga buwan ng Agosto hanggang Setyembre. ***-kalihiman ng KM-DATAKO***



1 EDITORYAL
GAMOT SA SAKIT NG LIPUNAN, DEMOKRATIKONG REBOLUSYONG BAYAN

3 PAHAYAG
ANG MAKABULUHANG PAGKAMATAY NILA KA RICKY

4 ARTIKULO
ALERTO: KOMUNISTA HINDI TERORISTA

5 ARTIKULO
ANG LUGAR NG KABABAIHAN AY SA DIGMANG BAYAN

6 ARTIKULO
WALANG GAMOT SA KAINUTILAN NI DU30

7 PAHAYAG
PAG-ALAB NG PAGLABAN SA GITNA NG DESPERASYON NG ESTADO
*(Hinggil sa Pagkamatay ni Ka Nars)*

8 PAHAYAG
HANGGA'T HINDI MALAYA ANG BAYAN, LALAWAK AT LALAKAS ANG HANAY NG PWERSANG LUMALABAN
*(Hinggil sa Aniberaryo ng Bagong Hukbong Bayan at ng pagsasanib ng KM at DATAKO)*

10 PAHAYAG
PATAYIN SA SINDAK SI DUTERTE
*(Hinggil sa shoot-to-kill order ng PROCOR)*


11 ARTIKULO
NAGSASAYANG LANG ANG AFP NG PONDO SA PANINIRA NG RE-BOLUSYONARYONG PWERSA

12 PAHAYAG
AGBIAG TI UMILI TI KORDILYERA! THE CORDILLERA PEOPLE'S STRUGGLE CONTINUES
*(Hinggil sa Araw ng Kordilyera)*

14 ARTIKULO
ANG TERROR BILL AY MALAKING BATONG MAHUHULOG KAY DUTERTE

15 ARTIKULO
PAG-ALALA KAY WRIGHT "KA CHADLI" MOLINTAS

# GAMOT SA SAKIT NG LIPUNAN, DEMOKRATIKONG REBOLUSYONG BAYAN



Taun-taon, patuloy ang pagpapahirap sa mamamayang Pilipino. Tayo ay namumuhay padin sa isang lipunang pinamumunuhan ng mapagsamantalang-uri ng burgesya. Sa lipunang ito, laganap ang pag-apak sa ating mga karapatang pantao. Nariyan ang pagkait sa karapatan ng uring manggagawa para sa sapat na sahod, malinis at ligtas na kondisyon sa pagawaan, at iba pang mga benepisyo. Andyan din ang pagkamkam sa mga lupain, pandaraya sa pamilihan at kawalan ng suporta sa mga uring magsasaka. Talamak din ang pagkait ng makamasa, siyentipiko, at makabayang edukasyon sa sektor ng kabataan na makikita sa tuluy-tuloy na pagtaas ng matrikula at paggipit sa kanilang demokratikong karapata. Patuloy din ang diskriminasyon at pang-aaping nararanasan ng mga kababaihan at LGBT+. Makikita rin ang patuloy na pagpapalayas at pagsisiran sa mga lupain ng mga katutubo at maralita.

> “ Linantad ng pandemya ang kainutilan ng estadong ito.

Lalo pa itong lumala noong lumaganap ang pandemyang COVID-19 sa buong mundo, na hindi sineryoso ng estado. Dahil dito, mabilis na dumami ang nagpositibo sa sakit na ito na nagdulot ng karagdagang bilang sa mga mamamayang araw-araw namamatay. Sa kasalukuyan, mayroon nang 61,266 na aktibong kaso sa bansa at 1,643 dito ang namatay. Linantad ng pandemya ang kainutilan ng estadong ito. Bilyun-bilyon na ang kanilang inutang para “tugunan” ang pandemya ngunit hanggang ngayon, wala pa ring mga konkretong plano para sa mass testing. Pinatunayan ng kalagayan na ito na kung sa simula pa lamang ay tinuon na ng estado ang buwis ng mamamayan para sa pagpapaunlad ng mga pampublikong serbisyo, gaya ng pagpapaunlad sa ating sistemang pangkalusugan, hindi sana lalala ang kaso sa bansa. Hindi rin sana lalala ang pagtigil ng takbo ng ekonomya at hindi lalala ang  paglaganap ang gutom sa mga mamamayan kung sa simula pa lamang ay naglaan na ng sapat na pondo angestado para paunlarin ang agrikultura at pagtatayo ng mga industriya.

Tumatagos na pati sa mga dating nahuhuling masa at sa mga pambansang burgesya ang sistematikong problema na ito.

Namumulat na ang sambayanang Pilipino sa katotohanang kailangan na ng pagbabago. Ngunit ang tugon ng estado sa lumalakas na boses ng mamayan ay pasismo. Patuloy pa rin ang pagpaslang sa kahit na sinong hindi sumunod sa kanilang kagustuhan. Sa pagpapatupad ng Anti-Terror Act ay muling idiniin ni Duterte ang kanyang pangarap na maging isang diktador. Laganap din ang redtagging sa mga ligal na organisyong kilalang bumabatikos sa kapabayaan ng estado. Nakapakadaling sabihin na lang ng estadong ito na terorista ang kahit na sino para pagtakpan ang kanyang mga kamalian. Tinitimpla na ng estadong ang kondisyon para sa paghahasik nito ng lagim.

Halatang-halata na hindi ang interes ng mamamayan ang isinusulong ng estadong ito kundi ang interes ng naghaharing iilan at ng kanyang among US at Tsina! Patuloy ang pagsasawalambahala sa napanalunan ng ating bansa sa International Tribunal on the Laws of the Sea na nagsasaad na pagmamay-ari ng Pilipinas ang Kalayaan group of islands at ilang mga isla sa West Philippine Sea. Bukas palad na iniaalay ni Duterte ang ating mga teritoryo para sa Tsina. Nagbubulag-bulagan siya sa pang-aalipusta ng mga malalaking barko ng Tsina sa ating mga mangingisda. Patuloy din ang pagluhod ng estado sa matagal nang amo nito, ang Imperyalistang US. Kalakhan ng batas ng ating bansa ay nagsisilbi pa rin sa interes nila tulad ng Visting Forces Agreement, kung saan malayang nakakapasok ang mga sundalo amerikano sa ating bansa. Nakaprente itong pag-eensayo sa mga reaksunaryong hukbo ng bansa ngunit sa aktwal ay ipinapamalas lamang ng US ang kaniyang mahigpit na hawak sa ating bansa. Makikita rin na ang iniratsadang Anti-Terrorism Act ay isang rekisito ng pinamumunuan ng US na IMF-Worldbank para ituloy ang pagpapautang sa ating gobyerno.

> “ Tinitimpla na ng estadong ang kondisyon para sa paghahasik nito ng lagim.

Tulad ng mga amo nitong imperyalista, pinapalaganap din ng estado ang patuloy na pagwasak sa rebolusyonaryong kilusan ***... itutuloy sa p. 3***

Patuloy na binabansagang terorista ang mga rebolusyonaryong sumasandig sa diwa ng komunismo. Alam natin na ang tanging paraan para masolusyunan ang kahirapan ay ang pagpawi ng pagsasamantala sa pamamamgitan ng pagtatayo ng sosyalismo patungo komunismo. Nanginginig na sa takot ang estadong pumoprotekta sa interes ng naghaharing-uri sa patuloy na paglawak at paglakas ng rebolusyon, kaya desperado nitong sinusubukang linlangin ang mga mamamayan. Hindi kailanman maitatanggi na lipas na ang kakayahan ng burgesyang pamunuhan ang mamamayan. Sa libu-libong taon na pag-upo nila sa estado poder ay lalo lamang nilang binaon ang masang api sa hirap. Ngunit hindi nila kailanman isusuko ang hawak sa estadong itinayo nila kahit naghihingalo na ito. Ang tanging paraan para lumaya ang sambayanan sa kanilang tanikala ay walang iba kung hindi pagsulong ng Demokratikong Rebolusyong Bayan! Nabubulok na ang kasalukuyang sistema ng lipunan, na siyang pugad ng tatlong batayang problema—Burukrata Kapitalismo, Pyudalismo at Imperyalismo. Tanging ang rebolusyonaryong kilusan ng malawak at nagkakaisang pwersa ng masang-api ang gagapi sa reaksyonaryong gobyerno. Kasama ang Bagong hukbong Bayan ng mamamayan, sa pamumuno ng Partido, malulutas natin ang kahirapan at maitatayo ang isang lipunang papawi sa pagsasamantala! Lumalakas ang panawagan, makiisa sa rebolusyonaryong kilusan, sumapi sa Bagong Hukbong bayan!

---


# ANG MAKABULUHANG PAGKAMATAY NILA KA-RICKY

*(ika-22 ng Pebrero, 2020 | Nailimbag sa Philippine Revolution Web Central noong ika-23)*

Pulang saludo at pinakamataas na pagpupugay ang ipinapaabot ng KM-DATAKO-Mando kina Maria Finela "Ka Ricky" Mejia at sa dalawa pang pulang kumander ng Bagong Hukbong Bayan, na sina Julius "Ka Goyo" Marquezat Enniabel "Ka Onor" Balunos, na nag-alay ng kanilang buhay para sa rebolusyon.

Nitong ika-13 ng Pebrero 2020, dinukot ng mga elemento ng pasistang Armed Forces of the Philippines (AFP) ang tatlong New People's Army (NPA) sa isang bahay sa Namatican, Sta. Lucia, Ilocos Sur. Kinaladkad sila palabas at tinadtad ng bala, habang ipinapakita ng mga marka sa kanilang katawan na dumanas muna sila ng panonortyur bago tuluyang pinaslang. Taliwas ito sa mga sinasabi ng 81st IBPA na sila ay namatay sa isang 10 minutong engkwentro. Ninanais lamang nilang pagtakpan ang kanilang paglabag sa karapatang pantao at sa internasyonal na batas sa makataong kondukta sa gitna ng gyera. Ang kalapastangang ito ay hindi na bago, lalo ngayong desperado na ang mga naghaharing uri na supilin ang rebolusyonaryong kilusan.

Si Ka Ricky ay dating kabataang lider-masa sa...
***itutuloy sa p.4***




*Dibuho ni Ka Doni*

Metro Baguio na kalauna'y naging aktibong kasapi ng KM-DATAKO. Siya din ay naging manunulat at lider-estudyante na nagunguna sa pagtuligsa sa pagtaas ng tuition, paglaban sa karapatan sa edukasyon ng mga kabataan at sa demokratikong karapatan ng mamamayan.

Nagtapos siya sa Unibersidad ng Pilipinas Baguio ng kursong Bachelor of Arts in Language and Literature noong 2009. Dito siya namulat at naging miyembro ng publikasyon. Nang magtapos, naging full-time organizer sa sektor ng kabataan at estudyante kung saan naging taga-pamuno ng alyansa ng mga konseho ng mag-aaral sa Baguio-Benguet.

Nang lumaon, pinili niyang mag-organisa sa hanay ng mga magsasaka sa Ilocos. Dito nakita niya ang matinding pagsasamantala sa mamamayan at nagtulak sa kanya na tanganan ang mas mataas na larangan ng pakikibaka. Pursigido at walang pagdadalawang-isip na tumugon siya sa tawag ng pangangailangang tumungo sa kanayunan, paglingkuran ang sambayanan at sumapi sa NPA. Pinili niyang i-sakripisyo ang komportableng pamumuhay at i-alay ang kaniyang buhay para sa kalayaan ng bayan at sambayanan.

Pinagpupugayan ng KM-DATAKO Mando ang pamilya ni Ka Ricky sa hindi nila pagkakait sa kanya upang maging bahagi ng rebolusyong Pilipino. Kahit gaano man kahirap ay lubos ang kanilang pagsuporta sa landas na tinahak ng kanilang anak. Ang kaniyang pag-aalay ng buhay at kamatayan upang malingkod sa sambayanan at rebolusyon ay magsisilbing maningning na inspirasyon sa buong hanay ng rebolusyonaryong pwersa.

Si Ka Ricky, at ang kaniyang mga kasamahan ay patunay sa kakayanan at kagalingan ng mga kabataan. Ang kanyang masikhay na paggampan sa mga gawain at rebolusyonaryong optimismo ay hindi matatawarang ambag sa rebolusyong Pilipino.

Limang dekada na ang rebolusyonaryong pagkilos sa pagpapalaya ng bayan ngunit ito ay patuloy lamang lumalakas habang palala nang palala ang kundisyon ng masang api. Ang imoral na gawaing ito at kawalang hiyaan ng militar ay mahigit na kinukundena ng KM-DATAKO Mando. Hustisya ang sigaw ng kabataan para sa mga dakilang martir ng sambayanan!

# ALERTO: KOMUNISTA HINDI TERORISTA

Isang umaga, sa harap ng pasukan ng UP Baguio, ay may mga nag-iwan ng polyeto na nangbaboy sa tatlong martir ng Ilocos. Ang isa sa mga martir na ito ay alumna ng nasabing eskwelahan.

Ang tatlong martir na tinutukoy ay ang mga pulang mandirigmang tinambangan sa isang bahay sa Namatican, Sta. Lucia, Ilocos Sur. Sila ay walang awang kinaladkad at tinadtad ng bala. Makikita sa kanilang katawan na sila ay dumanas muna ng hirap bago tuluyang pinaslang. Ito ay paglabag sa mga makataong batas ng gyera. Ngunit ang kawalang hiyaang ito ay gusto pang pagtakpan ng berdugong AFP at PNP sa pagbaluktot nila ng kwento. Ipinagpatuloy pa nila ang kababuyang ito nang pilitan nilang ipinagkait sa pamilya ang pagkuha ng katawan. Pati ang burol ay hindi binigyan ng respeto ang pamilya at kasamang nagluluksa.

Ngayong nakahimlay na ang katawan ng mga magigiting na mandirigmang pinaslang ng pasistang militar at pulis, patuloy silang pinagkakaitan ng katahimikan. Pinili ng mga kasama na talikuran ang kumportable at marangyang buhay upang tanganan ang mas mataas na pakikibaka. Ngunit patuloy linalapastangan ang kanilang ala-ala at binabale-wala ang kanilang sakripisyo ng mga elemento na kumitil sa kanilang buhay. Sinusubukan nilang takutin ang mga kabataang lumaban dahil alam nila na sa sama-samang pagkilos walang pasista, walang diktador ang hindi bumabagsak.

Ang estado at mga berdugo nitong ahensya ang nais panatilihin ang isang sistemang inaalipin ang karamihan at nagsisilbi lamang sa interes ng mga naghaharing uri. Sila ang tunay na terorista. Sila ang nagtutulak sa mamamayang Pilipino na mag-armas at magrebolusyon.



**Hawak ng kababaihan ang kalahati ng kalangitan.** Litrato ng mga babaeng miyembro ng Bagong Hukbong Bayan sa Timog Katagalugan (Melito Glor Command)

# ANG LUGAR NG KABABAIHAN AY SA DIGMANG BAYAN

Ipinakita na ng kasaysayan na kayang gapiin ng rebolusyonaryong pagkilos ng mga kababaihan ang anumang porma ng pang-aapi ng mga naghaharing pwersa. Kasama ng malawak na hanay ng masang api, militanteng nag-oorganisa at nagmomobilisa ang kilusang kababaihan para sa pambansa-demokratikong pakikibaka laban sa imperyalismo at macho-pasistang pananamantala. Madami nang napagtagumpayan ang kilusang kababaihan sa paglaban sa mga nagdaang diktadurya. Sa gitna nito, patuloy pa rin ang kabi-kabilang opresyon sa mga kababaihan hindi lang sa kanilang kasarian at sekswalidad, kundi maging sa kanilang uring pinagmulan.

Nagsisilbing pruweba ang tumitinding krisis sa lipunan sa kawalang-kakayahan ng rehimeng US-Duterte na pamunuan ang mamamayang Pilipino. Kaliwa't kanan ang politikal at ekonomikong mga anti-mamamayang polisiyang ipinatutupad sa ilalim ng rehimen na lalo lamang nagpapalala sa kalagayan ng mga Pilipino, kasama na ang mga kababaihan.

Ang hindi makataong kondisyon sa paggawa ay lalo pang pinalalala ng kontraktwalisasyon. Sa kasalukuyan, nakararanas pa rin ang mga manggagawang kababaihan ng iba't ibang uri ng diskriminasyon sa pagawaan katulad ng hindi pantay at sapat na sahod. Ang mga komunidad ng pesante at katutubo ay pinalalayas sa kanilang sariling mga lupain upang magbigay-daan sa mga malalaking imprastrukturang pang-negosyo.

Pinalalala ng isinapatupad na Rice Tarrification Law ang pagkalugi ng mga magsasaka dahil sa bagsak presyong pagbili sa kanilang mga produkto. Lalo nitong niluluklok ang mga pesanteng kababaihan at kanilang mga pamilya sa mas matinding kahirapan. Bukod pa rito, nananatiling pinahihirapan ng TRAIN at Trabaho Law ang pamilya sa mas matinding kahirapan. Bukod pa rito, nananatiling pinahihirapan ng TRAIN at Trabaho Law ang pamilyang Pilipino na lalong nagtutulak sa mga kababaihan na pumasok sa iba't ibang anti-sosyal na mga gawain. Gumamit din ang rehimeng US-Duterte ng pwersang militar tulad ng AFP at PNP sa pandarahas ng mga komunidad lalo na sa mga kababaihan at kabataan na nakaranas ng mga kaso ng harasment at rape sa kamay ng mga militar.

Kamakailan din lamang, isinapasa sa Senado ang Anti-Terrorism Act of 2020 na magdudulot ng lalo pang pinaigting na crackdown laban sa mga ... ***itutuloy sa p. 6***

mga indibidwal at mga organisasyong nagsusulong malawakang lipunang pagbabago. Kabilang sa lahat ng ito ang mga kababaihan, ngunit kaisa ng hanay ng rebolusyonaryong pwersa, ay patuloy silang tumitindig at lumalaban para sa ganap na kalayaan. Ni hindi rin seryoso ang pasistang rehimen ni Duterte at ng kaniyang mga kasapakat sa pagtupad sa Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL), na siyang makikita sa hindi makataong pag-tortyur at pagpatay sa mga babae at lalaking hors de combat.

Ang papel ng kababaihan sa malawak na pambansang demokratikong pagkilos ay lubos na kailangan upang mapatalsik sa pwesto ang mga diktador tulad ni Duterte. Ang papapatinding kalagayan ay mas lalong nagtutulak sa kababaihan para kumilos at sumapi sa rebolusyon.

May mga suhestyon at rekomendasyon ba kayong gustong ipaabot sa isyung ito ng **Risiris**? May mga kontribusyon ba kayong nais ipasama sa susunod na isyu?

**I-email lang kami sa maghimagsik1998@protonmail.com**

# WALANG GAMOT SA KAINUTILAN NI DU30

Ang kailangan ng mamamayang Pilipino ay konkretong plano at solusyon sa kinahaharap na krisis pangkalusugan. Ngunit ang sagot lamang ng pasista at diktadoryang rehimen na ito ay pagpapalaganap ng presensya ng militar.

Sa pagdami ng kaso ng Corona Virus sa bansa, napapagod na sa pag-aksyon ang mga siyentista at mga manggagawa sa kalusugan upang pigilan ang tuluyang pagkalat nito, ngunit inuna pa ng inutil na gobyernong ito ang kanyang pulitikal na interes. Maliban sa napakabagal na pagresponde, mas pinahalagahan pa ang pagiging sunod-sunuran ni Duterte sa US at Tsina.

Imbes na magpadala ng mas marami pang mga manggagawang pangkalusugan, maglaan ng rekurso sa mga pampublikong pagamutan, magbigay ng mga kagamitan sa mga apektadong lugar, at tiyakin ang mamamayang Pilipino sa kanilang kaligtasan, naglagay lamang ito ng karagdagang takot. Ang pag-estasyon ng mga armadong berdugo sa isang lockdown na lugar ay patuloy na pagpapakita ng walang hiyang gobyernong ito sa tunay nilang motibasyon. Gusto lamang nilang igiit ang batas militar na matagal naman ng kinapapalooban ng Pilipinas. Pilit nilang itinutulak ang pasismo sa mukha ng mamamayang Pilipino.

Hindi ang virus ang papatay sa atin, kung hindi ang kapabayaan at kabiguan ng isang papet na presidente at ang palalang pasismo ng mga tunay na terorista, ang PNP at AFP. Sa matagal na panahon ng pamumuno ni Duterte, walang palya niyang binibigo ang sambayanang Pilipino. Patunay lamang ang kapabayaan niya sa pagtugon sa krisis ngayon ng kanyang kawalanghiyaan! Habang patuloy nating ipinaglalaban ang kagyat na mas maayos na pagharap sa COVID19 sa pagbibigay ng sapat na testing centers at abot kayang kalidad na serbisyong pangkalusugan, nararapat lamang na tindigan natin ang pagpapatalsik sa rehimeng US-Duterte! Wala nang gamot sa adik na si Duterte kundi ang patalsikin siya sa pwesto!




**Iisa lang ang kasagutan.** Sa isang *lightning rally* ng Kabataang Makabayan Balangay Gypzy Zabala, ipinanawagan nila na ang tanging sagot sa kahirapan ay digmaang bayan.

# PAG-ALAB NG PAGLABAN SA GITNA NG DESPERASYON NG ESTADO

*Pahayag ng Kabataang Makabayan Datako- Trina sa pagpaslang sa tatlong kasama sa Baguio*

*Marso 21, 2020 | Nailathala sa Philippine Revolution Web Central noong ika-24*

Pulang saludo kina kasamang Julius "Ka Nars" Soriano Giron, Dr. Ma Lourdes Denero Tangco, Arvie Alarcon Reyes na walang awang minasaker ng pinagsamang tropa ng PNP at AFP sa isang subdibisyon sa Baguio City nitong Marso 13 ng madaling araw (3:30 AM). Ang walang habag na pagpatay sa mga kasama ay isang paglabag sa Comprehensive Agreement on the Respect of Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL) na parehong pinirmahan ng Government of the Republic of the Philippines (GRP) at National Democratic Front of the Philippines (NDFP).

Upang pagtakpan ang kanilang krimen, ang mga yunit mula sa Northern Luzon Command (NOLCOM) at mga tropa ng PNP na nagmula sa National Capital Region Police Office (NCRPO), Police Regional Office Cordillera (PROCOR) at Baguio City Police Office (BCPO), ay gumawa ng kwento na masinsin nilang ipinakalat. Sinasabi ng mga berdugong pwersa ng estado na sila ay nagbababa ng arrest at search warrants kung saan nagpumiglas daw ang mga kasama kaya nagkaroon ng putukan na nagresulta sa kanilang kamatayan.

Ngunit sa ulat ng Baguio General Hospital (BGH) medico-legal crew at National Bureau of Investigation (NBI) sila ay binaril ng malapitan. Si Ka Julius ay may 7 tama kung saan ang pinakamalala ay sa ulo. Si Ka Ma Lourdes ay nagtamo ng 6 na tama ng bala, kung saan mayroon sa mga tamang ito na nagdulot sa pagbiyak ng kanyang bungo. Si Kasamang Arvie naman ay may apat na tama sa kanyang dibdib. Pinapatunayan ng mga ulat na ito na sa simula't sapul ay walang planong arestuhin o buhayin ang mga kasama na taliwas sa sinasabi ng AFP at PNP.

Si Kasamang Julius Giron ang pangalawang NDFP Peace Consultant na namatay sa ilaim ng regimeng US-Duterte. Ang una ay si kasamang Randy Felix Malayao, na pinatay sa loob ng pisang bus sa Aritao, Nueva Vizcaya ng alas dos umaga noong Enero 30, 2019. Pinapakita ng mga pagpatay na ito ang walang katapatan ni Duterte na lutasin ang armadong labanan sa bansa.

Bago pa man ang pangyayaring ito, nagkalat na rin sa Baguio City ang mga tarpaulin na pinaparatangan ang mga CPP at NPA na terorista. Ang mga kasamang nakasama sa wanted list ay mga mamamayang Pilipino na itinulak ng isang marahas na estado upang mag-armas at magrebolusyon. Nakita nila ang lumalalang kalagayan ng lipunan at ang estado na mismo nagpapanatili ng isang sistemang inaalipin ang karamihan at nagsisilbi lamang sa interes ng mga naghahari-ng uri. ... it***uluy sa p. 9***




**Dakilang martir ng sambayanan.**
Litrato ni Julius "ka Nars" Giron



Tuntong Kaliwa. Litrato ng isang miyembro ng Bagong Hukbong Bayan - Chadli Molintas Command *(mula sa Getty Images, kuha ni Dandy Towatao, 2017)*

# HANGGA'T HINDI MALAYA ANG BAYAN, LALAWAK AT LALAKAS ANG HANAY NG PWERSANG LUMALABAN

*Opisyal na Pahayag ng KMD Ka Mando sa Anibersaryo ng Bagong Hukbong Bayan at ang Pagiisa ng KM at DATAKO Marso 29, 2020*

Pulang saludo at pinakamataas na pagpupugay para sa tunay na hukbo ng sambayanang Pilipino. Sa ika-51 anibersaryo ng Bagong Hukbong Bayan, ipinagbubunyi natin ang mga pulang mandirigma na ibinigay ng buong loob ang kanilang buhay at sa mga kasalukuyan na patuloy na lumalaban para sa pagpapalaya ng bayan.

Sa mahabang panahon na pagkilos ng Bagong Hukbong Bayan, ito ay matagumpay na pinamunuaan ng Partido Komunista ng Pilipinas. Ang PKP ang nag-iisang partido na tunay na may pakialam sa kalagayan ng Pilipinong magsasaka at manggagawa, ang gulugod ng ekonomiya ng Pilipinas at ang pinaka-pinagsasamantalahan. Sa pamumuno rin ng PKP, masigla ang pakikibaka sa mga kinahaharap na isyu at problema ng pambansang minorya at ang pakikibaka sa sariliing pagpapasya. Sandig sa mga suliraning ito ay ang patuloy na paglaban sa tatlong batayang problema, pyudalismo, burakrat na kapitalismo at imperyalismo.

Mula sa pagkakatatag ng BHB ay patuloy itong lumalaban upang isulong ang demokratikong rebolusyong bayan. Ang reboluysong sinasabi ng reaksyunaryong hukbo na Mula sa pagkakatatag ng BHB ay patuloy itong lumalaban upang isulong ang demokratikong rebolusyong bayan. Ang reboluysong sinasabi ng reaksyunaryong hukbo na bigo ay patuloy na lumalaki. Pagkat hindi tulad ng mga AFP at PNP na nagsisilbi lamang sa interes ng mga naghaharing uri, patuloy ang PKP at ang BHB na linalabanan ang kapitalismo, imperyalismo at mga panginoong may lupa. Patuloy nilang sinusulong ang digmang bayan na magbibigay ng kalayaan sa mamamayang Pilipino. Kaya hindi na nakapagtataka kung bakit patuloy itong pinagkakatiwalaan at sinusuportahan ng mamamayang Pilipino.

Sa ilalim ng rehimeng Duterte, nagpapatuloy ang mga neoliberal na polisiya na nagsisilbi lamang sa mga naghaharing uri at patuloy na tinatapakan ang karapatan ng naghihirap na mamamayan. Ang rehimeng Duterte ay nasa rurok rin ng pasismo at tiraniya. Ang mga magsasaka, manggagawa at mahihirap ay pinapatay gamit ang dahas at pinapatay sa... ***itutuloy sa p. 9***

***(Pag-alab ng Paglaban katuloy...)*** Ang estado ang tunay na terorista sa patuloy nilang pag bale wala sa lehitimong panawagan ng mga mamamayan at sa halip ay dinadahas pa ang mga ito. Sa ganitong kalagayan at kondisyon na sila mismo ang gumagawa, makatwiran ang lumaban.

Ang mga pangyayaring ito ay nakabalangkas sa lumalalang atake ng estado sa rebolusyonaryong kilusan na na ka-angkla sa Executive Order 70 kung saan itinatatag ang Whole of Nation Approach to End Local Communist Armed Conflict. Ngunit sa papatinding tiraniya at diktadura, lumalakas ang ahitasyon ng masang api at ang panawagan sa tunay na paglaya ng bayan. Kaya naman ang mga katarantaduhang ginagawa ng estado ay pinapakita ang kanilang desperasyon na supilin na ang kilusan ngunit ito ay mas lalo lamang lumalakas.

Ang ala-ala ni Ka Julius Giron bilang isa sa mga nanguna sa Kabataang Makabayan sa Baguio ng panahon ng First Quarter Storm, ay magsisilbing inspirasyon sa mga kabataan at sa mga susunod pang henerasyon na patuloy na magmumulat, magoorganisa at magpapakilos upang labanan ang pang-aapi, pagsasamantala at pagdadahas sa pambansang minorya at ang kabuuang Pilipino. Sa nalalapit na anibersaryo ng Hukbong Bayan, at sa pagsasanib pwersa ng Kabataang Makabayan (KM) at Demokratiko a Tignayan Dagiti Agtutubo iti Kordilyera (DATAKO), hamon sa mga kabataan na patuloy na lumaban at manindigan.

Tanganan ang panawagan, humawak ng armas, sumapi sa Bagong Hukbong Bayan!

---

***(Hangga't hindi malaya katuloy...)*** gamit ang dahas at pinapatay sa gutom. Sa hinagpis ng masang api, karahasan ang sagot nito. Nariyan ang Anti-Terrorism Bill na gusto lamang patahimikin ang lehitimong panawagan ng mga mamamayan. Sa bill na ito ay inuudyok lamang ang mamamayan na mag-armas. Kaya patuloy ang marahas at hindi makatarungan na pag-atake sa rebolusyonaryong kilusan dahil batid ng estado na ang mapagpasyang lakas ng rebolusyonaryong kilusan ay nasa armadong pakikibaka. Ipinakita rin ni Duterte ang inkompetensya sa mabilisang pagtugon sa krisis na kinakaharap ng Pilipinas. Konkretong plano at solusyon ang hinihingi ng mga mamamayan ngunit ang sagot lamang ng rehimen ay pagpapalaganap ng presensya ng militar at paghingi ng emergency powers na hanggang ngayon ay wala pa ring tulong.

Ang PKP at ang BHB ay walang pagod na ibinubunyag at lumalaban sa kabalastugan ng rehimeng ito. Kaya naman desperado ang reaksyunaryong gobyerno na sugpuin ang kilusan ngunit sa mga kalapastangang ginagawa ng estado mas lalong lalakas at lalawak ang kilusan. Sinalubong ng BHB ang bawat pananalakay sa pamamagitan ng mga mahusay at epektibong paglulunsad ng agraryong rebolusyon, pangmilitar at pampulitikang pakikibaka at mga aksyon, at ang pagpapanday ng solidong baseng masa sa parehong LPP at kanayunan.

Sa Kordilyera, ipinagbubunyi din ang anibersaryo ng pag-iisa ng Kabataang Makabayan (KM) at Demokratiko a Tignay Dagiti Agtutubo iti Kordilyera (DATAKO). Ang DATAKO ang tumayong rebolusyonaryong orgnanisasyon ng mga kabataan sa Kordilyera na naninindigan sa pambansang demokrasya at nakikibaka para sa karapatan ng pambansang minorya sa Kordilyera. Samantala, ang KM ang nagsusulong sa pangkalahatang interes ng kabataan sa buong bansa. Kaya naman ipinagdiriwang ng kabataan sa Kordilyera ang pag-iisa nito na ngayon ay kilala na bilang KM-DATAKO. Sa kasalukuyan, ito ang tumatayong rebolusyonaryong organisasyong masa ng kabataan sa Kordilyera. Sa pag-iisa ng KM at DATAKO, pinanghawakan nito ang pagsusulong at pakikibaka sa mga interes at karapatan ng mga pambansang minorya partikular na sa Kordilyera.

Ngayon araw ng pagdiriwang ng patuloy na pagsulong ng sambayanang Pilipino sa tunay na kalayaan at kapayapaan, hamon sa mga kabataan na palakihin ang ating hanay, panindigan ang tungkulin bilang 'pag-asa ng bayan' at isulong ang demokratikong rebolusyon. Patuloy na magmumulat, magoorganisa at magpapakilos upang labanan ang pang-aapi, pagsasamantala at pagdadahas sa pambansang minorya at ang kabuuang Pilipino. humawak ng armas! sumapi sa Bagong Hukbong Bayan!







**Sa kampo.** Kapag nakakampo ang mga hukbo, madalas silang nag-aaral ng mga babasahin sa Marxismo-Leninismo-Maoismo, nagkukuwentuhan, nagluluto at marami pang mga aktibidad.

# PATAYIN SA SINDAK SI DUTERTE

*Pahayag ng Kabataang Makabayan-DATAKO — Ka Mando sa utos ng Police Regional Office Cordillera ng Pagbabaril-in ang mga Komunista Ika-2 ng Abril, 2020 (nailimbag sa Philippine Revolution Web Central noong ika-3 ng Abril)*

Noong ika-2 ng Abril, 2020, nag-utos ang Police Regional Office-Cordillera Director Police Brigadier General R'win Pagkalinawan na barilin ang mga "communist organizers" na mag-oorganisa ng masa sa Kordilyera. Dumating ang utos na ito matapos ang pagbabanta ni Presidente Duterte [Shoot them dead] ukol sa mga nagprotesta sa Quezon City na ang tanging hiling ay sapat ng ayuda sa gitna ng krisis. Sila ay lumabas sa lansangan at ibinuwis ang kanilang kalusugan upang manghingi ng tulong sa gobyerno, na mandato na saklulohan ang mamamayang nangangailangan. Ngunit, sa halip na pakinggan ang kanilang daing, ang sagot lamang ng pasistang administrasyon ay pandarahas at pagmamaltrato at pagpatay.

Ang ganitong taktika ng pagpapasa ng sisi sa kaliwa na papatinding paglaban ng mamamayan ay ang pagtatakip sa kabulukan ng gobyernong ito na tugunan ang krisis pangkalusugan. Walang kaguluhan kung maayos na natugunan ang problemang ito. Si Duterte ang nagtutulak sa mamamayan sa landas ng pakikibaka.

Kung tutuusin, malabo ang probisyon ng utos na ito, kahit sinong tumutol ay pwedeng paratangang komunista. Ang malinaw, balido at makatwiran ang komunismo bilang isang ideolohiya. Matagal na nitong hangaring mapawi ang pagsasamantala. Ito ay paghahangad ng isang lipunang hindi pinamumunuan ng mga kapitalistang ganid, mga panginoong maylupa, at mga imperyalista. Sa isang komunistang lipunan, isang aspeto kung saan may pagkapantay-pantay sa pagtamo ng serbisyong pangkalusugan, kung saan prayoridad ang pagpapatayo ng mga ospital at pagsasanay ng propesyunal sa larangang medikal. Sa lipunan na ito, walang sikmura ang makakaramdam ng gutom, walang mamamayan ang kinakailangan kumapit sa patalim upang makakita ng doktor, walang estudyante ang mababaon sa utang para lamang makatapos ng pag-aaral at walang nagsasamantala at pinagsasamantalahan.

Hindi na mabubura sa kasaysayan ng Kordilyera ang pagsapi ng libu-libong mamamayan sa Partido Komunista ng Pilipinas at Bagong Hukbong Bayan. Maraming mga tagumpay na ang nakamit sa ilalim ng pamumuno ng mga Komunista, gaya na lamang ng pagpapatigil sa pagtatayo ng Chico Dam sa Kalinga. Hanggang ngayon, ang mga komunista ang patuloy na nagtataguyod sa ating **... *itutuloy sa p. 11***

mga karapatan kasama ang malawak na hanay ng masa sa Kordilyera.

Tulad noong panahon ng diktadurang Marcos, ginagamit lamang ang mga katagang "left" o "Komunista" upang magkaroon sila ng dahilan sa marahas at hindi makatarungang paggamit ng kanilang kapangyarihan. Kumakalam na ang sikmura ng taumbayan at nararamdaman na ni Duterte at ng kanyang alipores ang dagundong ng galit ng masang pinagsasamantalahan. Nararamdaman na nila ang pagkalag ng hawak nila sa kapangyarihan at gagawin nila ang kahit ano upang ito ay hindi mabitawan. Walang nang mas hihigit pa na kasagutan sa mga hinaing ng sambayanan kung hindi ang pagsulong ng komunismo.

Takot ang mga naghahari-uri dahil alam nila na sa pagtatagumpay ng isang komunistang lipunan ay pagkawala ng kanilang kapangyarihang magsamantala ng mamamayan para sa kanilang makauring interes. Desperado sila na ito ay panghawakan kaya kaliwa't kanana dahas ang ibinabato sa mga mulat na patuloy na nagmumulat at tumitindig sa mga atake.

Ngayong panahon, nasa ilalim ang mundo sa isang pandemya na marami nang buhay na kinitil, ito ay panahon ng paglantad sa isang sistemang nagsisilbi sa naghaharing uri. Nanatiling matapang ang lahat sa kabila ng banta ng pag-aresto sa pagsasalita lamang laban sa gobyerno. Hindi malabo na isang araw ay magsasama-sama ang taumbayan para isulong at ipagtagumpay ang mas malayang lipunan. Malamang ay naihi na si Duterte sa takot.

# NAGSASAYANG LANG ANG AFP NG PONDO SA PANINIRA NG REBOLUSYONARYONG PWERSA

Pinatunayan na naman ng Armed Forces of the Philippines (AFP) na sila ay mga utak pulbura at walang pakialam sa hinaing ng mamamayan ng Kordilyera. Sa kabila ng pambansang krisis ay nakuha ng mga ito na magpadala ng dalawang UH1J na mga helikapter para magpakalat ng flyers na may kasamang tatlong pirasong kendi sa mga residensyal na komunidad ng Sagada at Besao. Ang mga flyers ay naglalaman ng pang-uudyok sa mga NPA na sumuko na at inakusahan din nito ang rebolusyonaryong kilusan sa pagsamantala ng krisis para sa pansariling interes.

Daang libo ang gastos para lang magpaandar ng isang helikopter sa isang oras. Imbes na gamitin ang pondong inilaan dito sa pagpapalakas ng sistemang pangkalusugan at pagbibigay ng ayuda sa milyun-milyong nagugutom ay patuloy ang pagbulag-bulagan ng estado. Gaya ng marami, nagkukumahog din ang mga taga-Kordilyera sa ayuda. Nariyan at itinapon na lamang ng mga magsasaka ang



**Hanay ta.** Isang platoon ng Bagong Hukbong Bayan sa isang bayan sa Visayas noong dekada '80.



**Dangadang.** Sa isang kasal na idinaos noong 2017, makikita ang bandila ng Cordillera People's Democratic Front.

marami, nagkukumahog din ang mga taga-Kordilyera sa ayuda. Nariyan at itinapon na lamang ng mga magsasaka ang kanilang mga ani dahil hindi nila ito maitransport.

Ang niratsadang batas na RA11469 "Bayanihan to Heal as one Act" o BaHO-A ay nakapokus sa dalawang bagay. Una, "emergency power" para mas mapatindi pa nila ang panunupil at militaristang layunin; ikalawa, ang magkaroon ng napakalaking pondo na hahawakan nila. Kaakibat nito ang P275B pondo – ang P200B ay para sa "social amelioration" ng 18 milyong pamilyang mahihirap.

Napakayabang magsalita ni Duterte, pero sa katunayan sobrang bagal ng pagtugon niya sa nagugutom na maralita. Hanggang ngayon ay wala pang natatanggap na ayudang 5000–8000 ang mga pinakaapektado ng krisis na ito. Mas masiba pa sa buwitre at walang kabusugan si Duterte at kanyang mga kasapakat sa pondo ng bayan. Liban pa sa korapsyon, sa kabila ng pagdedeklara ng CPP-NPA ng unilateral ceasefire para ituon ang buong atensyon sa pagtugon sa krisis ay nariyan din ang patraydor na atake ng mga militar. Malinaw na pagbalewala sa idineklarang tigil putukan din ng GRP sa panahon ng pandemya.

Sa kalagayan ngayon, malinaw kung sino ba talaga ang may isinusulong na pansariling interes sa gitna ng pandemya. Talagang hindi mabusog-busog ang estado, mahilig ding kainin ang sariling mga salita. Habang ang NPA kasama ang buong rebolusyonaryong pwersa ay patuloy ang paglalaan ng buong lakas sa pagtulong sa mga taong pinakanangangailangan, ang AFP sa ilalim ng estado ay nagsasayang lang ng pondo sa paninira ng papalakas pang rebolusyonaryong pwersa.

# AGBIAG TI UMILI TI KORDILYERA! THE CORDILLERA PEOPLE'S STRUGGLE CONTINUES!

Today marks the commemoration of the killing of Ama Macliing Dulag who led the militant opposition of the Bontoc and Kalinga villages against the giant Chico River Dam Project. Simultaneous with this was the attempt to the deforest Abra mountains and the adjacent provinces through the Cellophil Resources Corporation's log concession. These struggles were among the first to break the tyranny of the Marcos dictatorship.

Together with the sustained and militant mass actions forged by solid alliances is the people's armed struggle. In response to the government's unbending Chico Dam project and the militarization, the dam opposition movement of Bontoc and Kalinga later on allied with the CPP-NPA and took arms to defend the Chico River Valley. If not for the struggles waged by the national minorities with the help of the people's army to protect the ancestral land, Cordillera would have long been gone. ...*itutuloy sa p. 13*

Their victorious fight to defend Chico River strengthened the resolve of the Igorot people to defend their ancestral land and resources.

Then on the Kaigorotan consciousness advanced to grasping the importance of defending not only the land, life and rights of individual tribes but of the entire nation as well against the onslaught of foreign oppressors and the mercenary armed men of the reactionary state.

The Igorots now face the challenge to carry on with the fight. The entry of the destructive mining, dam and energy projects through the inutile NCIP continue. Alongside this is the brutal militarization and psywar to suppress the struggle of the communities and destroy the unity of the region. The peasant and the youth are continually coerced into enlisting as soldiers and paramilitaries. The tribal socio-political systems such as the dap-ay and bodong are being corrupted and used in "counterinsurgency."

Under the guise of containing COVID-19, the military has been continuously operating in the communities of Cordillera conducting counterinsurgency operations. Unlike the fake news the Duterte regime is spreading, it is the AFP that steals from and disrupts the people of the Cordillera. Report from NPA-Abra says that armed troopers from 24th and 69th IB stole a resident's cow in Malibcong. These same soldiers stole from the quarters of small-scale miners and razed a large portion of the forest between Lacub and Malibcong. In the Mountain Province, the AFP have been squandering funds by flying helicopters to drop anti-communist propaganda leaflets in the communities of Sagada amd Besao. This is the priority of the state even when there is a reported lack of funds for strengthening the health system and providing aid for millions. The farmers of Cordillera left their produce to rot due to the restrictive lockdown while many others still not receive any aid from the government aside from the candy dropped with the leaflets.

it is now more than ever that we should dare to fight. Let us firm up our commitment to forge the broadest militant unity that will ensure the people's war achieving more victories until the emancipation of the Cordillera and the Filipino people.



**Pagpupugay.** Litrato sa isang kasal na idinaos noong 2017 sa isang lugar sa Kordilyera *(mula sa Getty Images, kuha ni Dandy Towatao*



**Pulang Saludo.** Litrato mula sa isang kasal na isinagawa ng Bagong Hukbong Bayan noong 2017 *(mula sa Getty Images, kuha ni Dandy Towatao)*

# ANG TERROR BILL AY MALAKING BATONG MAHUHULOG KAY DUTERTE

Sa gitna ng kapabayaan ni Duterte sa paglutas ng krisis pangkalusugan at pangekonomya ay nilayon pa niyang iligalisa ang pasismo sa bansa.

Ang pagbalewala ni Duterte sa lehitimong panawagan ng mga pilipino ay patunay na tanging interes ng naghaharing uri at ng mga impeng bayan ang kanyang pinapahalagahan. Ang hindi mabilang na red-tagging, mass arrests at pagpaslang ng estado ang nagsasabing si Duterte at kanyang mga kaspakat mismo ang terorista. Hindi man ideklara, malinaw pa sa sikat ng araw na ang buong bansa ay nasa ilalim na ng Martial Law.

Ang Anti-Terror Bill ay malinaw na pagtapak sa demokratikong karapatan ng mamamayan. Ang paligalisa nito ng red-tagging at pagbibigay ng buong awtoridad sa berdugong AFP at PNP na pumatay at mangaresto ng mga kritiko ay nararapat lamang na tugunan ng malawak na pagtutol at paglaban ng mamamayan!

Hindi na nakakagulat na niratsada ang Anti-Terrorism Bill imbes na tugunan ang papalalang krisis ng COVID-19 sa bansa ng rehimeng US-Duterte. Ang pasismo ang tanging solusyon ng rehimeng ito sa pagsadlak pa lalo ng isang malakolonyal at malapyudal na lipunan.

Pinakatarget ni Duterte ang mga demokratiko at makabayang pwersa at mga kritikong naglalantad sa inutil at makupad na pagresponde sa krisis ng COVID-19 at kabulukan ng estado sa kabuuan, ngunit hindi ligtas ang lahat ng mamamayan. Sa malabo at malawak na depinisyon ng terorismo sa batas, kahit sino ay pwede maging terorista at arestuhin ng walang warrant. Kahit sinong magsalita laban sa gobyerno ay maaaring suspek.

Ang hindi mahinuha ni Duterte, hindi ang mamamayan kung hindi siya mismo ang pangunahing naglalantad ng sarili niyang kabulukan! Lantad na ang diktaduryang Duterte na sinasamantala ang krisis para sa pansariling interes.

Akala ata ni Duterte ay takot ang ipinapataw niya sa mamamayan. Nagkakamali siya. Mabibigo si Duterte at ang kanyang pasistang pangkatin sa hangarin nilang tuluyang supilin ang paglaban ng taumbayan. Habang lalong sumisidhi ang panunupil, pagpapahirap at pagnanakaw ng pangkating Duterte, lalong nag-aalab ang damdamin ng sambayanan na manindigan at lumaban. Lalong nalalantad ang bulok na naghaharing sistemang malakolonyal at malapyudal at napupukaw ang sambayanan na bagtasin ang landas ng rebolusyon. Ang kabataan, kasama ang pinakamalawak na hanay ng mamamayan ay kailangan mapagpasyang tanganan ang tungkuling ipaglaban at ipagtagumpay ang pambansa demokratikong pakikibaka!

May mga suhestyon, komento, at rekomendasyon ba kayong gustong ipaabot sa isyung ito ng **Risiris**? May mga kontribusyon ba kayong nais ipasama sa susunod na isyu?

**I-email lang kami sa maghimagsik1998@protonmail.com at i-follow kami sa aming twitter account: @kidawadayawen**

# PAG-ALALA KAY WRIGHT "KA CHADLI" MOLINTAS



Isang taas-kamaong pagpupugay ang ipinapaabot ng Kabataang Makabayan-Demokratiko a Tignayan kadagiti Agtutubo iti Kordilyera (KM-DATAKO) sa pag-alala sa magiting na kamatayan ng martir ng sambayanan na si Wright "Ka Chadli" Molintas, Jr. noong ika-4 ng Hulyo.

Ipinanganak si Wright Molintas sa Benguet, at isang full-blooded na Ibaloi. Isa sa pitong magkakapatid, naging kilala si Wright bilang Tombol (mula sa salitang Ibaloi na ang ibig sabihin ay batang manok)--pagkilala sa kaniyang pagiging agresibo at maingay. Noo'y naging pangarap niya rin ang pagiging presidente ng Pilipinas. Hindi naging hadlang ang kaniyang pinanggalingang kilalang pamilya (mga Mencio ng Atok at mga Molintas ng Bokod) upang maglingkod sa sambayanan.

Nakakuha ng scholarship si Wright sa Unibersidad ng Pilipinas sa Diliman kung saan kinuha niya ang kursong Geodetic Engineering. Sa parehong panahon, nasaksihan ni Wright ang mga makasaysayang protesta ng mga estudyante laban sa diktadurang US-Marcos. Noong ikalawang taon niya sa unibersidad, nagsimula siyang sumali at magsalita sa mga protesta at sa mga fora patungkol sa pang-aabuso ng diktador na si Marcos, mga welga ng manggagawa, mga isyu ng sektor pang-edukasyon at iba pang isyung kinahaharap ng mamamayan. Unti-unti ay nagpakita siya ng interes sa kaniyang tahanan na Kordilyera, laluna nooong nakasali siya sa organisasyong UP Bodong, isang asosasyon ng mga estudyante na mula sa rehiyon.

Sa mga panahong iyon, sinasalanta ng rehimeng US-Marcos ang rehiyon sa pamamagitan ng mga dambuhala at mapanirang proyekto ang buong Kordilyera. Sa Abra, binigyan ng rehimeng US-Marcos ang kaniyang crony na si Herminio T. Disini ng pagkakataon na putulin ang mga punungkahoy at sirain ang pinagkakabuhayan ng mamamayang Tingguian/Itneg sa pamamagitan ng Cellophil Resources Corporation. Sa Kalinga naman at ilang parte ng Mountain Province, ibinabandera ng rehimen ang pagpapagawa ng Chico Dam mula sa kanilang inutang sa World Bank. Ang mga mapanirang proyektong ito ay nag-anak ng laksa-laksang pagtutol at pagkilos ng mamamayan. Noong 1980, pinatay ... ***itutuloy sa p. 16***

ng mga pwersa ng Philippine Constabulary ang pangat na si Macliing Dulag dahil sa kaniyang mariing pagtutol laban sa Chico Dam.

Sa unang anibersaryo ng pagkamatay ni Macliing Dulag, isa si Wright sa mga estudyanteng nagprotesta sa harap ng bahay ni Macliing bilang pag-alala sa kaniyang kamatayan. Sa kaniyang pakikipagkuwentuhan sa mga taga-Bugnay, Tinglayan at pakikipamuhay sa komunidad, nagdesisyon si Wright na wala nang ibang kailangan pang patunguhan ang paglaban kundi sa pamamagitan ng armadong pakikibaka. Bumalik muli si Wright sa Kalinga pagkatapos ng dalawang linggo at sumampa bilang miyembro ng Bagong Hukbong Bayan. Doon niya ginamit ang pangalan na "Ka Chadli".

Si Ka Chadli ay nagpakita ng kaniyang kagilasan sa gawaing militar habang nagsisilbi bilang political officer. Ilang mga tagumpay-militar ang nasaksihan at napamunuan ni Chadli sa loob ng kaniyang pagiging hukbo. Namuno rin siya at nakilala ng mga komunidad sa Kordilyera bilang anak, kapatid, kaibigan, tatay at isang huwarang hukbo ng mamamayan. Nagsilbi siya sa mga probinsya ng Mountain Province (sa bandang Sagada-Besao), Kalinga, Ifugao at sa kaniyang probinsya na Benguet. Paminsan-minsan ay nakararanas din siya ng ilang mga pagkabigo, pagkapagod sa daan, at pagkakasakit, ngunit inigpawan lahat ito ni Ka Chadli at nagpatuloy sa pagsisilbi sa mamamayang tunay niyang minamahal.

Habang papunta sa Kapangan, Benguet noong ika-4 ng Hulyo, 1987 para sa isang pulong, walang awang tinambangan ng mga miyembro ng pulisya at Citizens' Armed Forces Geographical Unit (CAFGU) ang sinasakyan ni Ka Chadli. Walang dalang kahit anong armas si Ka Chadli at ang kaniyang mga kasamahan. Sinubukan pa nina Ka Chadli na mangatwiran sa pulisya ngunit pinaputukan lang siya sa likod ng pulisya. Habang nagdurugo, itinali si Ka Chadli sa kawayan na parang baboy habang ipinaparada papunta sa sentro ng Baguling, La Union. Namatay si Ka Chadli sa daan. Namatay si Ka Chadli sa edad na bente kuwatro (24). Isang linggo ang kaniyang lamay na ginanap sa syudad ng Baguio. Kinilala rin si Chadli bilang bayani ng sambayanan, at nailagay ang pangalan sa Bantayog ng mga Bayani.

Pagkatapos ng ilang taon, ipina ngalan kay Ka Chadli ang panrehiyunal na komand ng Bagong Hukbong Bayan sa Kordilyera bilang pagkilala sa kaniyang kagitingan at ambag sa pagsulong pakikibaka ng mamamayan sa rehiyon. Sa ilalim ng Bagong Hukbong Bayan-Chadli Molintas Command, nagsagawa ang hukbo ng mga matatagumpay na taktikal na opensibang atrisyon at anihilatibo laban sa pwersa ng Armed Forces of the Philippines, PNP at CAFGU. Sa ilalim din ng pangalang ito, nagpapatuloy ang Bagong Hukbong Bayan sa Ilokos-Kordilyera sa pagsisilbi sa mamamayan—pagsasagawa ng rebolusyong agraryo sa kanayunan, pagtatayo ng baseng masa, at pagsusulong ng armadong pakikibaka ng sambayanan.

Hanggang ngayon, hawak ng Bagong Hukbong Bayan sa Kordilyera ang pangalan ni Ka Chadli bilang pag-alala at pagpapatuloy ng kaniyang kagitingan at pagpupursigi para itayo ang lipunang mamamayan ang mamumuno at magmamay-ari, isang lipunang walang pang-aapi—ang sosyalismo!

Makakaasa ang mamamayan na magpapatuloy ang mga kabataan sa pagsisilbi sa mamamayan at walang-patlang na magpapasampa ng mga kabataan patungo sa kanayunan, sa ilalim ng pangalan ni Ka Chadli!



**Ang Risiris ay ang opisyal na pahayagan ng Kabataang Makabayan - Demokratiko a Tignayan dagiti Agtutubo iti Kordilyera. Ang "Risiris" ay salin sa Ilokano ng salitang "tunggalian."**




K M
DATAKO